

Nobyembre 2



DÍA DE LOS FIELES DIFUNTOS

Unang Misa:

Para sa Lahat ng mga Yumaong Binyagan

Hermandad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • 4 *Esdr* 2:34-35

REQUIEM æternam dona eis,
Dómine: et lux perpétua luceat
eis. — *Ps 64:2-3* Te decet
hymnus, Deus, in Sion, et tibi
reddétur votum in Jerúsalem:
exáudi oratiónem meam, ad te
omnis caro véniet. Requiem.

KAPAYAPAANG walang hanggan ang igawad
mo sa kanila, Panginoon. Sumikat nawa sa
kanila ang walang katapusang liwanag. —
Salmo 64:2-3 Ang mga awit, iukol sa iyo, O
Dios na nasa Sion. Sa Iyo’y ibabayad ang panata
sa Jerusalem. Pakinggan mo ang aking
panalangin; sa ‘Yo haharap ang lahat ng laman.
— Kapayapaang walang hanggan...

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

FIDELIUM, Deus omnium
conditor et redemptor,
animabus famulorum
familiarumque tuarum
remissionem cunctorum tribue
peccatorum: ut iudulgentiam,
quam semper optaverunt, piis
supplicationibus consequantur.
Qui vivis et regnas

O DIOS, maylikha at manunubos ng tanang
binyagan, ipagkaloob mo sa kaluluwa ng mga
yumaong mong lingkod ang kapatawaran ng lahat
ng kanilang mga kasalanan, upang sa
matimtiman naming panalangin ay
ipagkamit para sa kanila ang hinahangad na
kapatawaran. Sapagka’t nabubuhay Ka at
naghahari...

SULAT • 1 Cor 15:51-57

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto.

MGA KAPATID: Isang hiwaga ang sinasabi ko sa inyo, hindi lahat tayo'y mamamatay ngunit lahat tayo'y babaguhin, sa isang sandali, sa isang kisapmata, kasabay ng huling pag-ihip ng trumpeta. Sapagkat sa pagtunog ng trumpeta, ang mga patay ay muling bubuhayin at di na muling mamamatay. Babaguhin tayong lahat. Ang ating katawang nabubulok ay mapapalitan ng hindi nabubulok, at ang katawang namamatay ay mapapalitan ng katawang hindi namamatay. Kapag ang nabubulok ay napalitan na ng di nabubulok, at ang may kamatayan ay napalitan na ng walang kamatayan, matutupad na ang sinasabi sa kasulatan: "Nalupig na ang kamatayan; lubos na ang tagumpay! Nasaan, O kamatayan, ang iyong tagumpay? Nasaan, O kamatayan, ang iyong kamandag?" Ang kamandag ng kamatayan ay ang kasalanan, at ang kapangyarihan ng kasalanan ay nagmumula sa Kautusan. Magpasalamat tayo sa Dios na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo. — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • 4 Esdr 2:34-35; Ps 111:7

REQUIEM ætérnam dona eis, Dómine: et lux perpétua lúceat eis.

V. In memória ætérna erit iustus: ab auditióne mala non timébit.

KAPAYAPAANG walang hanggan ang igawad mo sa kanila, Panginoon. Sumikat nawa sa kanila ang walang katapusang liwanag.

V. Mananatili kailanman ang alaala ng matuwid. Masamang balita'y hindi niya ikatatakot.

TRACTO

ABSÓLVE, Dómine, ánimas ómnium fidélium ab omni vínculo delictórum.

V. Et grátia tua illis succurrénte, mereántur evádere iudícium ultiónis.

V. Et lucis ætérnæ beatitúdine pérfrui.

KALAGAN MO NAWA, Panginoon, ang mga kasalanan ng lahat ng mga kaluluwa ng mga yumao na.

V. Sa tulong ng iyong grasya, ikaligtas nawa nila sa hatol ng paghihiganti ng Dios.

V. Magtamo nawa sila ng kaligayahan ng walang katapusang liwanag.

Kung may pari na magmimisa pa para sa Una at Ikalawang Misa ng Yumao ngayong araw, hindi na niya lilinis ang kalis pagka-inom ng Kabanal-banalang Dugo ni Cristo. Sa halip, iiwan niya ito sa telang patungan ng Katawan ni Cristo at tatakpan ng panakip na nauukol sa kalis. Pagkatapos nito, dadako siya sa gitnang harapan ng altar upang dasalin ang Quod ore sumpsimus (Ang nilasap ng aming bibig) at maghuhugas ng kamay gaya ng nasa Misal na Corpus tuum (Ang katawan Mo). Pagka nagawa na ang lahat ng ito, ibalik ang mga kasangakapan gaya nang sa nauna sa Misa.

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 70:16-17, 18

LUX ætérna lúceat eis, Dómine:

* **Cum Sanctis** tuis in ætérnum: quia pius es.

V. Requiem ætérnam dona eis, Dómine: et lux perpétua lúceat eis.

* **Cum Sanctis.**

SUMIKAT nawa sa kanila ang walang katapusang liwanag, O Poon.

* **Kasama ng iyong mga Banal kailanman: sapagka't lubha kang maawain.**

V. Kapayapaang walang hanggan ang igawad mo sa kanila, Panginoon. Sumikat nawa sa kanila ang walang katapusang liwanag.

* **Kasama ng iyong mga Banal.**

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

ANIMABUS, quæsumus, Domine, famulorum famularumque tuarum oratio proficiat supplicantium: ut eas et a peccatis omnibus exuas, et tuæ redemptionis facias esse participes: Qui vivis.

PAKINBANGAN nawa, O Panginoon, itong aming mga abang panalangin para sa mga kaluluwa ng yumao mong mga lingkod, at kalagan sila sa lahat nilang mga pagsuway at pagindapatin mo silang makasalo na sa katubusan na para sa sangkatuhan ay ipinagkamit. Sapagka't Ikaw ay nabubuhay at naghahari...

Kung may pagkakataon, magagawa rin ang Ritu ng Pagpapatawad ng Kasalanan ng Yumao Kung Wala Ang Labi.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

HOSTIAS, quaesumus, Domine, quas tibi pro animabus famulorum famularumque tuarum offerimus, propitiatus intende: ut, quibus fidei christianae meritum contulisti, dones et praemium. Per Dominum.

PREPASYO PARA SA MGA YUMAO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutäre, nos tibi semper et ubique grätias ägere: Dómine sancte, Pater omnípotens, ætérne Deus: per Christum, Dóminum nostrum.

In quo nobis spes beátae resurrectionis effúlsit, ut, quos contrístat certa moriéndi condício, eósdem consolétur futúræ immortalitátis promíssio. Tuis enim fidélibus, Dómine, vita mutátur, non tóllitur: et, dissolúta terréstris huius incolátus domo, ætérna in cælis habitátio comparátur.

Et ídeo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatió nibus cumque omni milítia coeléstis exércitus hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicétes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

TUNGHAYAN Mo, isinasamo namin, O Panginoon, ang mga alay na handog para sa mga kaluluwa ng yumao mong mga lingkod: at yamang silang pinagkalooban Mo ng dangal sa pananampalatayang Cristiano ay gantimpalaan sila ng buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Dios na makapangyarihan at walang-hanggan: sa pamamagitan ni Cristo naming Panginoon.

Sa kaniya’y sumilay ang pag-asa ng muling pagkabuhay, upang ang mga nagdadalang-takot sa tiyak na kamatayan ay maaliw sa pangako ng buhay na walang hanggan. Para sa tanang nananalig sa iyo, Panginoon; ang buhay ay nagbabago lamang at hindi nagwawakas. Upang sa pagkasira ng tahanang makalupa, may naghihintay para sa amin sa kabila ng makalangit na tirahan.

Kaya’t kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

Palaging may Sequencia o Awiting-Dugtungan *na* Dies Irae (Araw ng Poot) *sa pagmimisa na ito.*

SEQUENCIA • Dies Irae

Comision sa Pagsasalin (2022)

Araw ng poot nga iyon:
Langit, lupa’y sa abo magugunaw,
Ayon kay David at kay Sibyla.

*Takot at sindak ng tao’y
pagparito ng dakilang Hukom
na hahatol sa ’ting mga garwa!*

*Kapag ang pakakak ay pinatunog na’t
maririnig sa mga libingan
upang hayuin sa harap ng trono.*

*Kamataya’t kalikasan
magugulat sa muling pagbuhay
ng mga nilikha nang sa Hukom ay humarap.*

*Dadalhin sa ’tin ang aklat
na kinatatalaan ng lahat
upang hatulan ang sandaigdigang.*

*Pagluklok ng ating Hukom,
walang lihim ang ’di bubunyag
at walang ’di parurusahan.*

*Ano’t ako’y abang walang masabi?
Sinong para sa ’ki’y mamagitan?
Kahit mabuting tao’y mangangailangan.*

*Haring sadyang kaydakila
Batid Mong sino lamang maliligtas:
iligtas ako, O bukal ng habag!*

*Gunitain, Jesucristo,
ako’y dahilan ng ’Yong pagiging-tao:
huwag Mo ’kong itakwil sa araw na ’yon.*

Dies iræ, dies illa
Solvat sæclum in favilla:
Teste David cum Sibylla.

Quantus tremor est futúrus,
Quando iudex est ventúrus,
Cuncta stricte discussúrus!

Tuba mirum spargens sonum
Per sepúlcrã regiónum,
Coget omnes ante thronum.

Mors stupébit et natúra,
Cum resúrget creatúra,
Iudicánti responsúra.

Liber scriptus proferétur,
In quo totum continétur,
Unde mundus iudicétur.

Iudex ergo cum sedébit,
Quidquid latet, apparébit:
Nil inúltum remanébit.

Quid sum miser tunc dictúrus?
Quem patrónum rogátúrus,
Cum vix iustus sit secúrus?

Rex tremendæ maiestátis,
Qui salvándos salvás gratis,
Salva me, fons pietátis.

Recordáre, Iesu pie,
Quod sum causa tuæ viæ:
Ne me perdas illa die.

Lupaypay Mo akong hinanap,
Sa Krus ng dusa'y tinubos Mo 'kong tunay:
Huwag bayaang mawalang-saysay.

Hukom na sakdal-katwiran,
patawarin ako sa 'king pagsuway
bago ang araw ng 'Yong ganti't luha.

Umaamin sa 'king mga sala:
mukha ko'y 'di maharap sa hiya:
iadya po ako, Poong Dios ng awa.

Babaeng naki-apid ay pinatawad
at pinakinggan ang magnanakaw:
bigyan Mo sana 'ko ng pag-asa.

Pagdulong ko'y 'di marapat:
ngunit Ikaw na talagang kaybuti
'wag Mo 'kong dalhin sa apoy na walang wakas.

Ibilang Mo 'ko sa 'Yong tupa
at sa mga kambing ako'y 'Yong iwalay,
at sa kanan Mo ako'y lingapin.

'Pag ang sinumpang makasalana'y
hinatulan sa apoy ng madlang-sakit,
tawagin Mo 'ko sa piling ng mga Mapalad.

Pakumbaba akong dumudulong
nagsisising parang sa abo
Ikaw na pong bahala sa 'king huling hantungan.

Ang araw na 'yon ng luha't pagtangis,
buhat sa mga бага ay babalik
ang tao sa paghuhukom ay dapat.
O Dios, kaya po'y patawarin siya,.

Mahabaging Poong Jesus,
pagpahingahin silang mainam.
Siya nawawala.

Quærens me, sedísti lassus:
Redemísti Crucem passus:
Tantus labor non sit cassus.

Iuste iudex ultiónis,
Donum fac remissiónis
Ante diem ratiónis.

Ingemísco, tamquam reus:
Culpa rubet vultus meus:
Supplicánti parce, Deus.

Qui Mariám absolvísti,
Et latrónem exaudísti,
Mihi quoque spem dedísti.

Preces meæ non sunt dignæ:
Sed tu bonus fac benígne,
Ne perénni cremer igne.

Inter oves locum præsta,
Et ab hoedis me sequéstra,
Státuens in parte dextra.

Confutátis maledíctis,
Flammis ácribus addíctis:
Voca me cum benedíctis.

Oro supplex et acclínis,
Cor contrítum quasi cinis:
Gere curam mei finis.

Lacrimósa dies illa,
Qua resúrget ex favilla
Iudicándus homo reus.
Huic ergo parce, Deus:

Pie Iesu Dómine,
Dona eis réquiem.
Amen.

EBANGHELYO • Jn 5:25-29

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG PANAHONG IYON: Sinabi ni Jesus sa mga natitipong Judio: “Pakatandaan ninyo na darating ang oras, at ngayon na nga, na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Diyos at ang sinumang makinig sa kanya ay mabubuhay. Kung paanong ang Ama mismo ang pinagmumulan ng buhay, gayon din naman ang Anak na binigyan niya ng ganoong karapatan. Binigyan niya ang Anak ng kapangyarihang humatol, sapagkat siya ang Anak ng Tao. Huwag ninyo itong pagtakhan, sapagkat darating ang oras na maririnig ng mga patay ang kanyang tinig at sila'y babangon. Lahat ng gumawa ng kabutihan ay babangon patungo sa buhay na walang hanggan, at lahat ng gumawa ng kasamaan ay babangon patungo sa kaparusahan.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY

DOMINE Iesu Christe, Rex glóriæ, líbera ánimas ómnium fidélium defunctórum de poenis inférni et de profúndo lacu: líbera eas de ore leónis, ne absórbeat eas tártarus, ne cadant in obscúrum: sed sígnifer sanctus Míchaël repræséntet eas in lucem sanctam:

* **Quam olim Abrahæ** promísísti et sémini eius.

V. Hóstias et preces tibi, Dómine, laudis offérimus: tu súscipe pro animábus illis, quarum hódie memóriam fácimus: fac eas, Dómine, de morte transíre ad vitam.

* **Quam olim.**

PANGINOONG Jesucristo, Hari ng kaluwalhatian, hanguin mo ang lahat ng mga kaluluwa ng mga yumaong binyagan mula sa mga hirap ng impyerno at sa malalim na hukay. Ilayo mo sila sa bibig ng leon, upang hindi sila lamunin ng impyerno, ni mahulog sa kadiliman: bagkus, ihatid sila ni San Miguel Arkanghel, sa banal na kaliwanagan.

* **Siyang ipinangako Mo noon kay Abraham at sa kaniyang mga anak.**

V. Iniaalay namin sa iyo, Poon, ang paghahain at panalangin ng papuri. Tanggapin Mo po para sa mga kaluluwa na ngayo'y aming pinatutungkulan namin ngayon. Poon, ipagkaloob mong bumagtas sila mula sa kamatayan patungo sa buhay na walang-hanggan.

***Siyang ipinangako...**